
# Paraan ng paghihiwalay at pagtatapon ng basura

Shimotsuma City Hall （ Kankyo Ka)
0296－43－8234

- Mangyaring beripikahin ang uri ng basura at ang petsa sa kalendaryo at ilabas ito sa tamang oras.
- Mangyaring ilagay ang inyong basura nauuna sa alas 8am sa araw ng koleksiyon nito.
- Ang mga basura na inilabas labag sa mga panuntunan ay hindi kokolektahin.
- Mangyaring gamitin lamang ang containers para sa lata at glass na botelya sa araw lamang ng koleksiyon .
- Huwag iwanan ang basura sa mga lugar , maliban lamang sa lugar na itinalaga na pick up sites ng munisipal, at ng walang pahintulot ng taong may katungkulan.
- Mangyaring panatiliing malinis at maayos ang ginagamit na collection site !
- Ang pagsusunog ng mga basura sa labas ay ipinagbabawal.



**Nasusunog na basura**





- Mangyaring ilagay ang mga ito sa kani-kanilang itinalagang bags ng inyong syudad ( pula ).
- Mangyaring tiyaking ganap na nasala o napatuyo ang lahat ng mga hilaw na basura bago ito ilabas.
- Mangyaring alisin ang dumi sa paper diapers.
- Mangyaring alisin ang soil sa damo at mga dahon at ilagay ang mga ito sa isang maliit na sukat
- Mangyari panatilihin lamang ang mga putol na sanga sa mga sukat na maaaring mailagay sa loob ng isang bag.

**Hindi nasusunog na basura**



- Mangyaring ilagay ang mga ito sa itinalagang marka na bag ng lungsod ( Asul ).
- Mangyaring siguruhin na wala nang laman ang mga spray cans at butasan sa ligtas na lugar.
- Maaaring lamang makolekta ang mga maliliit na de koryenteng kasangkapan at kung ang mga ito ay kasya sa isang itinalaga na bag ng basura.
- Mangyaring balutin ang mga mapanganib na matatalim na mga kasangkapan at mga basag na salamin sa papel.
- Mangyaring magtapon ng mga lata at mga boteng glass bilang recycle na basura.
- Mangyaring iyuko ang ibabaw ng disposable na mga lighters.




**Lata**





- Mangyaring ilagay sa loob ng container ng mga lata.
- Hindi na po kinakailangang ihiwalay ang mga lata ng aluminyo sa lata na steel.
- Ang mga takip ng mga produktong nasa delata  na may marka ng recycling ay pupuwede ring i-recycle, kaya mangyaring ilagay ang mga ito sa loob ng container ng mga lata.
- Mangyaring ilagay ang mga lata na walang marka ng recycling sa hindi nasusunog na basura.

**Glass na mga bote**



- Mangyaring ihiwalay ayon sa kulay at ilagay ang mga ito sa container para sa glass na mga bote.
- Mangyaring tiyakin mahugasan ang loob ng mga bote at alisin ang takip.
  *Mangyaring ilagay ang metal na takip sa hindi nasusunog na basura
- Mangyaring ilagay ang mga bote sa loob ng container ng hindi ito mababasag. * Mangyaring ilagay ang resin/tapon na takip sa nasusunog na basura
- Mangyaring isauli ang mga bote ng beer at ang mga  pupuwedeng isauling mga bote sa tindahan.
- Mangyaring huwag maglagay ang mga iba pang mga bote maliban lamang sa mga pagkain/inumin/kosmetiko, o mga

**PET bottles**




- Mangyaring ilagay ito sa mga pang-kolektang net ng mga PET bottles.
- Mangyaring tanggalin ang takip at ang label sa PET bottles.
- Mangyaring hugasan ng tubig ang loob ng bote.
- Hindi po puwedeng itapon ang mga containers ng para sa langis, sauce, panglinis na produkto, shampoo, atbp., na walang pagkilala sa marka ( identification mark )
- Mangyaring ilagay ang mga ito bilang sa nasusunog na basura.
- Amin po ding kokolektahin ang mga takip ng bote galing sa PET bottles, kaya ilagay ang mga ito malapit sa PET bottles sa loob ng net.

タガログ語


**Lumang papel**

- Mangyaring paghiwa-hiwalayin ayon sa uri ng panali.
- Ihiwalay ang mga ito ayon sa kani-kanilang uri at talian ng maigi ng pisi upang hindi ito sumabog.
- Mangyaring ilagay ang mga maliliit na piraso ng mga papel sa loob ng bundle, o sa loob ng isang paper bag.
- Mangyaring alisin ang anumang mga nakakabit na metal, plastik, o vinyl na kakabit sa papel.
- Kung umuulan o tila uulan, mangyaring maghintay na ilabas muli ang inyong basura hanggang sa susunod na araw ng koleksiyon nito.
- Mga lumang mga papel na hindi maaaring itapon
- Ang mga diyaryo na nagbago na ang kulay o nasunog.
- Mga rebista ( magazine ) na nakabalot sa plastik o naka cover ng plastik.
- Mga kahong karton na mayroong veneer ( tapal )o styrofoam
- na nakakabit sa mga ito, o pinahiran ng wax o iba pang sangkap ( waterproofing )
- Iba pa : mga papel na sensitibo sa init, carbon paper, papel na proseso sa wax, braille na papel.



**Lumang damit/tela**

- Mangyaring ilagay ang mga ito sa isang malinaw o semi-transparent na mga bags.
- Mga bagay nabibilang na lumang damit/tela ay ang mga western na damit, panloob, kamiseta/sando, tuwalya,kurtina, atbp.
- Mangyaring labahan ng maiigi at patuyuin bago ilagay at ilabas.
- Hindi po makokolekta ang mga item na labis ang dumi at mantsa.
- Kapag umuulan o tila uulan, mangyaring maghintay na ilabas muli ang inyong basura hanggang sa susunod na araw ng koleksyon nito.
- Mga bagay na hindi makokolekta bilang mga lumang tela ay ang tulad ng mga sumusunod: blangket, futons, cusions, blanket ng kotatsu, stuffed animals,ski-wear, mga items gawa sa goma o balat.



**Mga nakakalasong basura**

- Mangyaring ilagay ito sa itinalagang container
- Fluorescent na bombilya, mercury thermometers
- Mga bombilya
- Mga walang siglang baterya ( dry batteries )
- Mangyaring pag-ingatang hindi mabasag ang mga fluorescent na bombilya at iba pang mga bombilya sa paglalabas nito.
- Maaari din po ninyong itapon ang mga fluorescent na bombilya sa kahon ng kung saan ito binili.



**Mga pamamaraan para sa napakalaking sukat ng basura**

- * Hindi po ninyo maaaring itapon ang napakalaking sukat ng basura sa mga regular na pick up site ng basura.
- Mangyaring magtapon ng napakalaking sukat ng basura sa pamamagitan ng nasa paran 1 o 2 .
- 1. Mangyaring dalhin ito ng direkta sa Clean Port Kinu garbage disposal facilities ( tignan sa ibaba ).
- 2. Mangyaring gumawa ng kahilingan para sa indibiduwal na koleksiyon mula sa Silver Human Resource Center.
- (i) Mangyari pong gumawa ng reserbasyon ng koleksiyon sa Silver Human Resource Center.
- (ii) Mangyari pong bumili ng Oversize Garbage Disposal Ticket sa Silver Human Resource Center o sa city Civil Affairs at Environment Division.
- Ang halaga ay depende sa laki ng sukat ng basura:
  Large – 1,100 yen, Medium – 550yen, Small – 330yen.
- *Kung kayo po ay nasa bahay sa araw na kokolektahin ito, maaari po kayong direktang bumili ng Oversize Garbage Disposal Ticket sa kanila.





**Para sa direktang pagdadala ng basura**

Maaari po ninyo dalhin ang basura ng sambahayan at ang napakalaking sukat ng basura sa Clean Port Kinu.

*Mayroong bayad sa pagtatapon ng basura

Mga bayad sa pagtapon ng basura

Basura ng sambahayan 139 yen /10kg ( hindi kasama ang tax)

Oras ng operasyon

Lunes hanggang Biyernes 9am hanggang 11:45am/ala 1pm hanggang 4:30pm

Nasusunog/hindi nasusunog/napakalaking sukat ng basura

Tuwing ikalawang Sabado 9am hanggang11:45am/ala 1pm hanggang 4pm

Nasusunog/hindi nasusunog/napakalaking sukat ng basura

Tuwing ika-apat ng Sabado 9am hanggang 11:45am/ala 1pm hanggang 4pm

Hindi nasusunog/napakalaking sukat ng basura

*Sarado ng magbabagong taon, ng Linggo/mga piyesta opisyal, at ng Sabado maliban sa nabanggit sa itaas.

Ang hiling ay bagay sa garbage drop-off

Kapag dadalhin ninyo ang basura, mangyaring gumamit ng malinaw o ng semi-tranparent na bag, at ihiwalay ng maayos ang basura.

